

Ibalik ang Inyong Karapatang Bumoto!

Para bumoto sa mga eleksyon ng California, ang tao ay kailangang:

- ★ Mamamayan ng Estados Unidos
- ★ Residente ng California
- ★ 18 taong gulang o mas matanda pa sa araw ng eleksyon
- ★ Hindi kasalukuyang hinatulan ng hukuman na walang kakayahan sa pag-iisip para bumoto
- ★ Hindi kasalukuyang nasa pang-estado o pampederal na bilangguan o parolado dahil sa hatol na felony



Maaaring magparehistro at bumoto ang mga sumusunod na tao:

- Nagsisilbi sa kulungan ng county ng isang sentensiyang misdemeanor, pagkakulong dahil sa felony, bilang kondisyon ng probasyon, o naghihintay ng paglilitis
- Nasa probasyon
- Nasa sapilitang pangangasiwa
- Nasa pangangasiwa ng komunidad pagkatapos palayain
- Nasa pederal na pangangasiwa ang paglaya
- Nasa ilalim ng paghuhusga para sumailalim sa pag-iingat ng pangkabataan.

Hindi maaaring magparehistro o bumoto ang mga sumusunod:

- Nakabilanggo sa pang-estado o pampederal na bilangguan
- Nagsisilbi ng isang sentensiyang felony sa kulungan ng county o iba pang pasilidad ng pagwawasto
- Nasa kulungan ng county na naghihintay ng paglipat sa isang pang-estado o pampederal na bilangguan para sa paghahatol ng felony
- Nasa kulungan ng county dahil sa paglabag sa parole
- Parolado sa ilalim ng California Department of Corrections and Rehabilitation

Pagkatapos ng Parole:

Pagkatapos ng parole, naibalik na ang karapatan ng botanteng bumoto, pero kailangan nakapagparehistro siya para bumoto.

Pangunahing Kaalaman tungkol sa Pagpaparehistro:

- Para magparehistro online, pumunta sa registertovote.ca.gov.
- Para humiling ng papel na aplikasyon:
Tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa **(415) 554-4310**,
Mag-email sa sfvote@sfgov.org, o
Bumisita sa opisina ng Departamento sa City Hall, Room 48.

Mga Katanungan?

Kung kayo o mayroon kayong kilala na naka-kulong sa kulungan ng San Francisco County, makipag-ugnayan sa Sheriff's Department Prisoner Legal Services sa **(415) 558-2472** para sa impormasyon tungkol sa pagpaparehistro at pagboboto sa darating na eleksyon.